Republic of the Philippines
# Department of Education

*Tanggapan ng Kalihim*
***Office of the Secretary***

## MENSAHE



Mainit na pagbati sa lahat ng ating mga magsisipagtapos, sa lahat ng mga guro, tagapamahala at kawani ng paaralan, at mga magulang na patuloy na sumusuporta at gumagabay sa ating mga mag-aaral upang marating ang yugto na ito ng kanilang buhay.

Ang araw na ito ay katunayan ng inyong sama-samang pagsusumikap; ito ang bunga ng inyong walang humpay na pagsisigasig at pagtityaga. Sa pamamagitan ng inyong kakayahan at pagsisikap para sa kahusayan ay napatunayan ninyong kayang makamit ang kahit na anumang mithiin.

Mga minamahal na magsisipagtapos, tandaan ninyo ang mga mabubuting aral na inyong natutunan sa kabuuan ng inyong pananatili sa paaralan. Ang inyong edukasyon ay nagbigay sa inyo ng kasanayan upang magpatuloy sa paglalakbay tungo sa paghubog ng inyong pagkatao at pagtupad ng inyong mga pangarap. Ito ay patuloy na magpapatibay ng inyong pundasyon para maging isang mas mabuting Pilipino; isang mamamayan na may kamalayan sa sarili at sa komunidad; at isang indibiduwal na may bukas na isipan, respeto at pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng kultura.

Ang tema ng taong ito "Saktong Buhay: Sa De-Kalidad na Edukasyon Pinanday" ay isang pagpapaalala ng kahalagahan ng edukasyon sa pagbuo ng ating mga pangarap. Ito rin ay isang paggunita sa mga kwento ng tagumpay ng ating mga bayani, tulad ng mga sundalo, pulis, at guro, na nagpursigi sa kanilang pag-aaral para mabigyan ng disenteng buhay ang kanilang mga pamilya. Ipinapabatid nito sa atin ang kahalagahan ng edukasyon sa pagbubukas ng mga oportunidad at sa pagkamit ng isang marangal na buhay, isang buhay na hindi lamang para sa ating sarili kundi para sa kapwa.

Sa inyong pagbaybay tungo sa katuparan ng inyong mga adhikain, maaari kayong makaranas ng tagumpay at pagkabigo: Nawa'y ang inyong tagumpay ay magsilbing inspirasyon para sa iba at ang inyong pagkabigo ay mag-udyok sa inyo upang magsikap na mas maging mahusay. Nawa'y ang kolektibong karanasan na ito ay pumukaw ng pag-asa sa atin upang patuloy na maghangad ng higit pa para sa ikabubuti ng sarili at ng sambayanan.

Para sa atin sa mga paaralan, ito nawa'y maging gabay natin sa ating patuloy na pagsulong ng isang de-kalidad na edukasyon na magbibigay kakayanan sa mga Pilipinong mag-aaral na makamit ang kanilang mga hangarin sa buhay.

Mabuhay kayo!

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
***Kalihim***

DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City 1600 633-7208/633-7228/632-1361 636-4876/637-6209 www.deped.gov.ph